THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#570 JULY 1 -15, 2026 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Pangulo ng Pilipinas inimbita ni Carney na bisitahin ang Canada sa Hulyo

Bibisita si Ferdinand Marcos Jr. sa Vancouver mula Hulyo 1-4 , 2026.

inanunsyo ni Prime Minister Mark Carney na inimbita niya ang pangulo ng Pilipinas, si Ferdinand Marcos Jr., na bisitahin ang Canada sa susunod na linggo.

Bibisita si Marcos Jr. sa Vancouver, British Columbia, mula Hulyo 1 hanggang 4. Ito ang magiging unang pagbisita ng pinakamataas na lider ng Pilipinas sa Canada sa nakali- pas na 11 taon. Sa naturang pagbisita, susuriin nina Carney at Marcos Jr. ang mga oportunidad upang mas palalimin ng dalawang bansa ang partnership sa ekonomiya at seguridad.

***Ang Canada at Pilipinas ay may lumalaking partnership sa larangan ng depensa, kalakalan at enerhiya.***

Noong nakaraang buwan lang, pinirmahan nina Defence Minister David McGuinty at Philippine Secretary of National Defense Gilberto Teodoro ang Mutual Logistics Support Arrangement (MLSA) sa pagitan ng Department of National Defence at Canadian Armed Forces at Armed Forces of the Philippines upang i-facilitate ang palitan ng logistical support sa panahon ng joint exercises, pagsasanay, pag- deploy at mga operasyon.

Nitong nakaraang Mayo, bumisita si International Trade Minister Maninder Sidhu sa Pilipinas upang isulong



Canadian PM Mark Carney, kanan, at PH President Ferdinand Marcos Jr. nang magtagpo sila sa ASEAN Summit sa Kuala Lumpur.

### *Prime Minister Mark Carney nakipag-usap sa pangulo ng Pilipinas sa unang pagkakataon*

ang free trade agreement ng Canada sa Pilipinas at sa Association of Southeast Asian Nations o ASEAN.

Ang parehong kasunduan inaasahan na magiging pinal ngayong taon sa loob ng ASEAN chairmanship ng Pilipinas.

Pagdating sa enerhiya, ipinahayag ng Pilipinas ang interes ng bansa na magkaroon ng isang posibleng kasunduan sa critical minerals sa Canada upang mas idelop ang sektor ng pagmimina sa bansa, ayon sa Philippine Department of Trade and Industry noong Marso.

Halos isang milyong Pilipino ang naninirahan ngayon sa Canada at ang komunidad ng mga Pilipino ipinagdiriwang ngayong Hunyo ang Filipino Heritage Month. Hindi maikakaila na lalong tumitibay ang relasyon ng Canada at Pilipinas na nag-umpisa mahigit 77 taon na ang nakaraan.

The relationship between Canada and the Philippines is strengthened by the deep ties between our citizens. With the Filipino Canadian diaspora nearly one million strong, Canada and the Philippines are building up our partnership so it's stronger and more expansive, and so it reflects the depth of our values, sinabi ni Carney sa isang pahayag na inilabas ng Prime Minister's Office.

Huling nagkita sina Carney at Marcos Jr. sa ASEAN Summit sa Kuala Lumpur, Malaysia, noong Oktubre 2025. Ang pagbisita ang pangalawang pagkakataon na maghaharap ang dalawang lider nang personal.

I look forward to hosting President Marcos Jr. as we bring our countries ever closer, dagdag pa ni Carney. ***-RCI***

# ‘Pinay tennis star Alex Eala sasabak sa National Bank Open sa Toronto



**Ang tennis player na ipinagmamalaki ng Pilipinas na si Alexandra “Alex” Eala sasabak sa National Bank Open na magaganap sa pinakamalaking lungsod sa Canada, ang Toronto, ngayong tag-init.**

Ang National Bank Open, tinatawag din na Canadian Open, ay parte ng 2026 WTA 1000 Tour (Women’s Tennis Association) kung saan ang mga player na may pinakamataas na ranggo sa mundo ay required na sumali sa kompetisyon. Ang WTA 1000 ang pinakamataas at pinakaprestihiyosong baitang ng regular women’s tennis events sa labas ng apat na Grand Slams.

[Ulat] Tapatan ng Pinay tennis stars: Leylah Fernandez vs. Alex Eala sa Stuttgart Open

Ang mga paparating na torneo ng WTA 1000, na binubuo ng 10 events, ay magaganap sa North America at Asya — partikular sa Canada, Estados Unidos at Tsina. Ang unang anim na torneo natapos na ang kanilang season sa Doha, Dubai, Indian Wells, Miami, Madrid at Rome.

Ang WTA Finals ay magaganap sa Riyadh, Saudi Arabia, sa Nobyembre kung saan ang nangungunang walong singles players at nangungunang walong double teams ang maglalaro. Ang mananalo sa kompetisyon ay gagawaran ng 1,000 ranking points ng WTA.


Si Eala, na kasalukuyang no. 35 sa buong mundo, ay direktang makakapasok sa torneo. Ito ang paliwanag ni Patrick Steski, ang senior advisor para sa komunikasyon ng Tennis Canada, sa Radio Canada International sa pamamagitan ng email.

Dagdag pa ni Steski, ang opisyal na pag-anunsyo sa listahan ng mga player para sa National Bank Open ay magaganap sa linggo ng Hulyo 6.

Kaya abangan ang 21-anyos na Pinay tennis star sa darating na Agosto 2-13 sa Sobeys Stadium sa kanyang pagsabak sa National Bank Open ngayong taon. ***-RCI***


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada’s top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# ‘MGA CASH NI DIGONG I-FREEZE’




**MANILA** - Umalma ang mga abogado ni dating Pangulong Rodrigo “Digong” Duterte sa kahilingan ng prosekusyon na i-freeze ang mga cash na kinumpiska sa dating pangulo nang arestuhin ito at dalhin sa International Criminal Court (ICC) noong Marso 2025.

Bukod sa cash, nais din ng prosekusyon na makuha ang mga personal na gamit ng dating pa¬ngulo, kabilang ang mga susi.

Noong Mayo 1 at Hunyo 9 pa ito iginiit ng prosekusyon pero isinapubliko lamang ng Trial Chamber (TC) III noong Biyernes ng gabi.

Ayon sa depensa, “unnecessary” at “pointless” ang kahilingan ng prosekusyon na i-freeze ang cash ni Duterte.

“An order from the Trial Chamber to the Registry to freeze any money within the obtained items will have no practical impact upon the existing state of affairs. The money (if any) is in the possession of the Registry and will remain so, whether or not the Registry is subject to any order from the Trial Chamber to ‘freeze’ it,” giit ng depensa sa pangunguna ni British barrister Peter Haynes.

Sakali mang aprubahan ng ICC ang mosyon ng prosekusyon, hiniling ng mga abogado ni Duterte sa korte na utusan ang Registry na gumawa ng kaukulang hakbang upang maiwasan ang devaluation ng cash ng dating pangulo.

Kinontra rin ng depensa ang kahilingan ng prosekusyon na makita ang mga personal na gamit ni Duterte, kabilang ang mga susi.

“It is unclear to what the keys relate, or indeed whether they belong to Mr. Duterte at all, having been seized while he was travelling with members of his family. It is entirely possible that the keys provide access to material belonging to, or concerning, his relatives, such that their examination would intrude upon the privacy rights of third parties,” paliwanag ng abogado ni Duterte.

Magsisimula na ang trial ni Duterte sa Nobyembre 30 kung saan inoobliga itong dumalo.

*Abante News*



# 3 articles of impeachment lulubayan kung guilty na: VP Sara Duterte tutumbukin sa 1 kaso lang

**PILIPINAS** —Handa ang House prosecution panel sa mahabang impeachment trial kay Vice President Sara Z. Duterte pero kung matutumbok agad nilang guilty ang Bise Presidente sa isang kaso, iwe-waive na nila ang pagsusulong sa ibang Articles of Impeachment, ayon kay House prosecutor at Manila 3rd District Rep. Joel Chua.

"Wala pong bibitiw," diin ni Chua sa radio interview nitong Linggo kung handa ang prosekusyon na umabot sa pito hanggang walong buwan ang paglilitis sa Bise Presidente.

"Basta tayo po ay gagawin lamang po namin sa abot na aming makakaya, lahat ng aming magagawa para mai-presenta sa ating mga kababayan at impeachment court ang mga ebidensya base po sa per artikulo," dugtong pa niya.

Ang pahayag ng prosecutor ay bunsod ng rebelasyon ni Senate President Sherwin Gatchalian na maaaring umabot ng pito hanggang walong buwan ang impeachment trial.

Nilinaw naman ni Chua na ang ipinanukala ng prosekusyon na 62 presentation days ay hindi dapat kuwentahin na aktuwal na haba ng itatagal ng trial.

"Pero hindi naman ibig sabihin noon lahat 'yan masusunod," paliwanag ng Manila solon.

Aniya, ang 62 presentation days ay nakabase sa estimate na isang testigo kada hearing pero maaari itong mabawasan kung maihaharap ang dalawa hanggang tatlong testigo bawat araw.

Binanggit din ni Chua na maaa¬ring magdesisyon ang prosekusyon na huwag nang isulong ang


VP Sara Duterte

lahat ng apat na Articles of Impeachment kung sa paniniwala nila ay sapat na ang mga ebidensiya para makuha ang conviction ni Duterte.

"Kung saka-sakali po halimbawa dumating pagkaraan po ng dalawang articles, sa tingin po namin ay may sapat na numero na at talagang matibay na matibay na ebidensiya na naipresenta namin, eh puwede naman din po dumating ang pagkakataon ay i-waive na namin 'yung ibang articles," ani Chua.

Nagpaliwanag din ito kung bakit dumami ang documentary evidence sa pre-trial noong nakaraang linggo.

Sabi ni Chua, umaabot sa 4,000 ang acknowledgment receipts patungkol sa confidential funds pero dahil tumanggi ang depensa sa common marking, nadoble ang bilang nang ipinadaan sa mahabang proseso ng hiwalay na marking.

"Puwede naman kasi 'yung common marking, ibig sabihin po sa isang dokumento puwedeng 'yung defense at saka 'yung prosecution eh doon na lang magmarka sa isang dokumento," wika ni Chua.

"Pero nangyari dahil ayaw puma¬yag ng defense at gusto nila separate marking 'yung gawin sa kanila, so 'yung 4,000 dokumento naging 8,000," paliwanag ng prosecutor.

*Ulat ng ABANTE NEWS*


Serving our community since 2000

Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from Southeast Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS! Taliba Newspaper & Flipz Media 647-287-1870

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.




With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!




**For More Information CALL: 647-877-6133**

# Christine Sinclair, Michael J. Fox inangat sa pinakamataas na lebel ng Order of Canada




***Soccer star Christine Sinclair at actor Michael J. Fox pinangalanan na companions of the Order of Canada.***

Ang soccer legend na si Christine Sinclair at sikat na aktor na si Michael J. Fox na-promote bilang companions ng Order of Canada, ang pinakamataas na lebel sa loob ng order.

Idinagdag ni Gov. Gen. Louise Arbour ngayong Biyernes ang bagong 56 Canadians sa kinokonsidera na pinakamataas na civilian honour sa bansa.

These appointees, from diverse backgrounds and fields, reflect the talent and determination that shape Canada's future. At a time of profound global change, their achievements highlight the strength of Canadians and the values we represent to the world, sinabi ni Arbour sa isang pahayag.

Ang Order of Canada ay nilikha upang kilalanin ang mga taong gumawa ng extraordinary contributions to the nation, ayon sa website ng Governor General of Canada.

Mahigit 50 Canadians ang itinalaga rin bilang mga bagong officer o miyembro ng Order of Canada. *-RCI*

---

# 'White Ribbon March' sigaw accountability, impeachment trial ni VP Sara Duterte




*Lumahok ang iba't ibang religious groups at civil society organizations sa "White Ribbon March" na ipinanawagan na wakasan ang katiwalian at pagkakaisa sa katotohanan sa People Power Monument sa Quezon City.*

PILIPINAS— Tinatayang nasa mahigit 3,500 katao ang nakiisa sa White Ribbon March na isinagawa ng mga simbahan at iba't ibang civil society organizations sa EDSA People Power Monument sa Quezon City nitong Linggo bilang panawagan para sa pananagutan ng mga opisyal ng pamahalaan at paglaban sa katiwalian.

Nabatid na bahagi ng pagkilos ang patuloy na panawagan para sa accountability kaugnay ng impeachment proceedings laban kay Vice President Sara Duterte at ng imbestigasyon sa umano'y mga iregularidad sa mga flood control project.

Nilinaw ni BAYAN president Renato Reyes na ang kilos-protesta ay hindi pabor kina Pangulong Ferdinand Marcos Jr. o Vice President Duterte.

Aniya, layunin ng pagtitipon na papanagutin ang sinumang mapatutunayang sangkot sa katiwalian, anuman ang kanilang posisyon o kaalyadong pulitikal.

Sinimulan ang programa sa pamamagitan ng isang misa na pinangunahan ni Bishop Jose Colin Bagaforo, na nanawagan sa mga opisyal ng pamahalaan na isantabi ang pansariling interes at unahin ang tapat na paglilingkod sa taumbayan. Sinundan ito ng martsa at programa na dinaluhan ng mga kinatawan ng iba't ibang religious at civil society groups.

Para naman sa Philippine National Police, naging mapayapa ang isinagawang pagtitipon at walang naitalang anumang hindi kanais-nais na insidente. Gayunman, nakaranas nang mabigat na daloy ng trapiko sa northbound lane ng EDSA-Ortigas habang isinasagawa ang martsa. - ***ULAT PILIPINO STAR***

# Sara impeachment tatagal ng 7 buwan

### *Pinakamahabang trial sa kasaysayan*

**MANILA**— Maaring umabot ng pitong buwan ang impeachment trial ni Vice President Sara Duterte.

Ayon kay Senate Secretary Renato Bantug ito ay base sa bilang ng mga araw ng paglilitis na hinihiling ng panig ng prosekusyon at depensa.

Dahil dito kaya ito na ang magiging pinakamahabang impeachment trial sa kasaysayan ng bansa.

Sinabi ni Bantug na base sa kanilang pagtaya, ang prosekusyon ay humiling ng 62 araw na paglilitis habang ang depensa naman ay 30 araw.

Paliwanag pa niya, aabot sa kabuuang 92 araw ng paglilitis at kung isasagawa lamang ang pagdinig ng tatlong beses kada linggo, aabutin ito ng hindi bababa sa pitong buwan bago mataps ang buong proseso.

Maaari naman aniyang mapaiklli ang takbo ng paglilitis kung mas maraming testigo ang maipipirisinta sa bawat araw ng pagdinig.

Matatandaan na noong impeachment trial ni dating Supreme Court Chief Justice Renato Corona noong 2012 ay tumagal ito ng 44 araw.

Habang 23 araw naman ang tinagal ng pagdinig ng impeachment trial ni dating Pangulong Joseph Estrada dahil itinigil ito matapos mag-walkout ang prosekus¬yon dulot ng pagtanggi ng Senado bilang impeachment court na buksan ang kontrobersiyal na ikalawang envelope.

Ito ang naging mitsa ng EDSA People Power II na nauwi sa pagpapatalsik kay Estrada noong 2001. ***Pilipino Star Ngayon***

# Pangulo ng Pilipinas inimbita ni Carney na bisitahin ang Canada sa Hulyo

Bibisita si Ferdinand Marcos Jr. sa Vancouver mula Hulyo 1-4 , 2026.

Inanunsyo ni Prime Minister Mark Carney na inimbita niya ang pangulo ng Pilipinas, si Ferdinand Marcos Jr., na bisitahin ang Canada sa susunod na linggo.

Bibisita si Marcos Jr. sa Vancouver, British Columbia, mula Hulyo 1 hanggang 4. Ito ang magiging unang pagbisita ng pinakamataas na lider ng Pilipinas sa Canada sa nakalipas na 11 taon. Sa naturang pagbisita, susuriin nina Carney at Marcos Jr. ang mga oportunidad upang mas palalimin ng dalawang bansa ang partnership sa ekonomiya at seguridad.



*Canadian PM Mark Carney, kanan, at PH President Ferdinand Marcos Jr. nang magtagpo sila sa ASEAN Summit sa Kuala Lumpur.*

***Prime Minister Mark Carney nakipag-usap sa pangulo ng Pilipinas sa unang pagkakataon***

***Ang Canada at Pilipinas ay may lumalaking partnership sa larangan ng depensa, kalakalan at enerhiya.***

Noong nakaraang buwan lang, pinirmahan nina Defence Minister David McGuinty at Philippine Secretary of National Defense Gilberto Teodoro ang Mutual Logistics Support Arrangement (MLSA) sa pagitan ng Department of National Defence at Canadian Armed Forces at Armed Forces of the Philippines upang i-facilitate ang palitan ng logistical support sa panahon ng joint exercises, pagsasanay, pag-deploy at mga operasyon.

Nitong nakaraang Mayo, bumisita si International Trade Minister Maninder Sidhu sa Pilipinas upang isulong ang free trade agreement ng Canada sa Pilipinas at sa Association of Southeast Asian Nations o ASEAN.

Ang parehong kasunduan inaasahan na magiging pinal ngayong taon sa loob ng ASEAN chairmanship ng Pilipinas.

Pagdating sa enerhiya, ipinahayag ng Pilipinas ang interes ng bansa na magkaroon ng isang posibleng kasunduan sa critical minerals sa Canada upang mas idelop ang sektor ng pagmimina sa bansa, ayon sa Philippine Department of Trade and Industry noong Marso.

Halos isang milyong Pilipino ang naninirahan ngayon sa Canada at ang komunidad ng mga Pilipino ipinagdiriwang ngayong Hunyo ang Filipino Heritage Month. Hindi maikakaila na lalong tumitibay ang relasyon ng Canada at Pilipinas na nag-umpisa mahigit 77 taon na ang nakaraan.

The relationship between Canada and the Philippines is strengthened by the deep ties between our citizens. With the Filipino Canadian diaspora nearly one million strong, Canada and the Philippines are building up our partnership so it's stronger and more expansive, and so it reflects the depth of our values, sinabi ni Carney sa isang pahayag na inilabas ng Prime Minister's Office.

Huling nagkita sina Carney at Marcos Jr. sa ASEAN Summit sa Kuala Lumpur, Malaysia, noong Oktubre 2025. Ang pagbisita ang pangalawang pagkakataon na maghaharap ang dalawang lider nang personal.

I look forward to hosting President Marcos Jr. as we bring our countries ever closer, dagdag pa ni Carney. *-RCI*

# 'Mary Grace Piattos' ipiprisintang witness sa impeachment trial

The signature of 'Mary Grace Piattos' has appeared the most times in acknowledgement receipts for confidential funds of offices under Vice President Sara Duterte, according to the House good government and public accountability panel.

**MANILA, Philippines** — Nakalista bilang bahagi ng mga witness ng pro¬secution team ng Kamara si "Mary Grace Piattos" sa impeachment trial ni Vice President Sara Duterte. Ang pangalang Mary Grace Piattos ay unang nakilala noong 2024 sa pagdinig ng House Good Government and Public Accountability kaugnay sa paggamit ng badyet ng Office of the Vice President at ng Department of Education.




*'Mary Grace Piattos'*

Sinasabing si Piattos ay isa sa mga nakatanggap ng mga confiential funds mula sa mga tanggapan ng Bise Presidente.

Gayunpaman, sinabi ng Philippine Statistics Authority (PSA) sa imbestigasyon ng Kamara na wala silang rekord ng kapanganakan, kamata¬yan, o anumang iba pang pagkakakilanlan ng isang taong nagngangalang "Mary Grace Piattos."

Ayon sa pre-trial brief, si Piattos ay ihaharap bilang saksi para sa Article 1 na nag-aakusa kay Duterte ng paglabag sa Konstitusyon, graft and corruption, at pagtataksil sa tiwala ng publiko dahil sa umano'y maling paggamit ng P612.5 milyong halaga ng kumpidensyal na pondo.

Sinabi ng kampo ni Duterte na handa silang ipaliwanag ang paggamit ng mga alyas para sa mga confidential fund tulad ng kilalang-kilalang "Mary Grace Piattos." ***Pilipino Star Ngayon***






## John 3:16

*"For God so loved the world that he gave his one and only Son, that whoever believes in him shall not perish but have eterrnal life."*

*The new world is not a dream it's a promise.*

*And Jehovah, who brought you this far, will make sure you see it with your own eyes*




## 1 Corinthians 15:58

*"Therefore, my beloved brothers, **be steadfast, immovable, always having plenty to do in the work of the Lord**, knowing that your labor is not in vain in connection with the Lord."*

**UNTIL WE REACH THE NEW WORLD**

# Pagbabago ng Klima at ang epekto sa ating Kinabukasan

“**Sirang-sira na ang klima natin. Darating ang panahon na wala nang mabubuhay sa lupa.**”—The Guardian.

Napapaharap tayo sa napakalaking problema na kagagawan ng tao. Naniniwala ang maraming siyentipiko na kagagawan ng tao ang global warming o pagtaas ng temperatura ng mundo. Dahil dito, nagkaroon ng pagbabago sa klima na nagdulot ng malalaking problema, gaya ng sumusunod:

- ***Mas madalas at matinding pagbabago sa klima, gaya ng mga heat wave, tagtuyot, at mga bagyo, na nagdudulot ng mas maraming pagbaha at mga wildfire.***
- ***Natutunaw na mga yelo sa Artiko.***
- ***Pagtaas ng sea level.***

Buong mundo ang apektado sa pagbabago ng klima. Matapos pag-aralan ang sitwasyon ng 193 bansa, sinabi ng New York Times: “Humihingi ng tulong ang planeta natin.” Dahil napakarami nang namamatay at naaapektuhan ng pagbabago sa klima, sinabi ng World Health Organization na ito ang “pinakamalaking banta sa kalusugan ng mga tao.”

Pero hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. Inihula ng Bibliya ang mga pangyayaring ito. Sinasabi rin ng Bibliya kung bakit tayo makakapagtiwala na kikilos ang Diyos at kung ano ang gagawin niya para protektahan ang kinabukasan natin.






## Katuparan ba ng hula sa Bibliya ang pagbabago sa klima?

Oo. Ang pagbabago sa klima dahil sa global warming ay katulad ng mga pangyayari na inihula sa Bibliya.

**Hula** ‘Ipapahamak ng Diyos ang mga nagpapahamak sa lupa.’—Apocalipsis 11:18.

Inihula ng Bibliya na darating ang panahong halos masisira ang lupa dahil sa kagagawan ng tao. Dahil sa global warming, napakalaki na ng pinsalang nagawa ng tao sa lupa.

Ipinapakita ng hulang ito kung bakit hindi tayo makakaasa na kayang solusyunan ng tao ang problemang ito. Pansinin na kikilos ang Diyos sa panahong “ipinapahamak ng tao ang lupa.” Totoo, gumagawa ng paraan ang ilan para solusyunan ang climate change. Pero anuman ang gawin nila, hindi pa rin nila kayang pahintuin ang mga tao na sirain ang lupa.

**Hula**: “Makakakita ang mga tao ng nakakatakot na mga bagay.”—Lucas 21:11.

Inihula ng Bibliya na makakakita tayo ng “nakakatakot na mga bagay,” o mga pangyayari, sa panahon natin. Dahil sa climate change, napakaraming nangyaring nakakatakot na sakuna sa buong mundo. Sa ngayon, may mga taong nakakaranas ng eco-anxiety—ang matinding pagkatakot na tuluyan nang lalala ang mga problema sa kapaligiran at walang matitirang buhay.

**Hula** “Sa mga huling araw, magiging mapanganib at mahirap ang kalagayan. Dahil ang mga tao ay magiging makasarili, maibigin sa pera, . . . di-tapat, . . . ayaw makipagkasundo, . . . taksil, matigas ang ulo.”—2 Timoteo 3:1-4.

Inihula ng Bibliya ang magiging ugali ng mga tao, at nagkaroon ng climate change dahil sa mga ugaling ito. Mas mahalaga sa mga gobyerno at negosyante ang pag-unlad ng ekonomiya kaysa sa magiging kinabukasan ng mga tao. Kahit sinisikap nila na magtulong-tulong, hindi pa rin sila magkasundo kung paano sosolusyunan ang global warming.

Ipinapakita ng hulang ito na hindi natin aasahan na magbabago ang lahat ng tao at kikilos sila para alagaan ang lupa. Sinasabi ng Bibliya na ang mga taong ito na makasarili ay “lalo pang sásamâ.”—2 Timoteo 3:13.

## Kung bakit tayo makakapagtiwalang kikilos ang Diyos

Ipinapakita ng Bibliya na bilang ating Maylalang, mahalaga sa Diyos na Jehova a ang planetang Lupa at ang lahat ng nakatira dito. Tingnan ang tatlong teksto na nagpapakitang kikilos ang Diyos.

1. ‘Hindi nilalang ng Diyos ang lupa nang walang dahilan, kundi nilikha niya ito para tirhan.’—Isaias 45:18.

Gagawin ng Diyos ang lahat ng layunin niya sa lupa. (Isaias

55:11) Hindi niya hahayaan na tuluyan itong masira o umabot sa puntong hindi na ito puwedeng tirhan.

2.. "Ang maaamo ang magmamay-ari ng lupa, at mag-uumapaw ang kanilang kaligayahan dahil sa lubos na kapayapaan. Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman."—Awit 37:11, 29.

Ipinangako ng Diyos na titira ang mga tao nang payapa dito sa lupa magpakailanman.

3." Ang masasama ay lilipulin mula sa lupa."—Kawikaan 2:22.

Ipinangako ng Diyos na aalisin niya ang lahat ng patuloy na gumagawa ng masama, pati na ang mga sumisira sa lupa.

## Kung ano ang gagawin ng Diyos para sa kinabukasan natin

Paano tutuparin ng Diyos ang mga pangako niya tungkol sa lupa? Gagamitin niya ang isang gobyerno para sa buong mundo na tinatawag na Kaharian ng Diyos. (Mateo 6:10) Mamamahala ang Kahariang ito mula sa langit. Hindi ito makikipag-ugnayan sa mga gobyerno ng tao para solusyunan ang mga problema sa lupa at sa kapaligiran. Sa halip, papalitan ng Kaharian ng Diyos ang lahat ng gobyerno ng tao.—Daniel 2:44.

Makikinabang ang lahat ng tao pati na ang kapaligiran sa mga gagawin ng Kaharian ng Diyos. (Awit 96:10-13) Tingnan kung ano ang gagawin ng Diyos na Jehova sa pamamagitan ng kaniyang Kaharian.

- Aayusin ang kapaligiran

Ang sabi ng Bibliya: "Ang ilang at ang tuyong lupain ay magsasaya, at ang tigang na kapatagan ay magagalak at mamumulaklak na gaya ng safron."—Isaias 35:1.

Ibig sabihin: Aayusin ni Jehova ang planetang Lupa, kahit pa ang mga lugar na sinira na nang husto ng mga tao.

- Pipigilan ang masasamang lagay ng panahon

***Ang sabi ng Bibliya:***

"Pinahuhupa [ni Jehova] ang buhawi; kumakalma ang mga alon sa dagat."—Awit 107:29.

Ibig sabihin: Kontrolado ni Jehova ang lahat ng elemento. Hindi na muling magkakaroon ng masasamang lagay ng panahon.

- Tuturuan ang mga tao kung paano aalagaan ang lupa



Graphics: Internet Online

Ang sabi ng Bibliya: "Bibigyan kita ng kaunawaan at ituturo ko sa iyo ang daan na dapat mong lakaran."—Awit 32:8.

Ibig sabihin: Ipinagkatiwala ni Jehova sa mga tao ang pangangalaga sa lupa. (Genesis 1:28; 2:15) Tuturuan niya tayo kung paano ang tamang pangangalaga sa lupa at kung paano mamumuhay nang hindi nasisira ang kalikasan. - -***www.JW.org***



Graphics: Internet Online

# Talento ni Tyra Cabrera... nagmana kay RollyCab














Serving our community since 2000

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



*"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from South-east Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."*

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS! Taliba Newspaper & Flipz Media 647-287-1870



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

## TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***